# Ang Tatay ni Nanay

***(Tugmang Alay kay Saturnino Costa)***

**Joel Costa Malabanan**

Limang taon ako nang iwan ni tatay
Sumama sa ibang higit daw kay nanay
Maagang niyakap pamilyang hiwalay
Ang tatay ni nanay ang nagsilbing gabay.

Sa tatay ni nanay aking natutuhan
Lahat ng relihiyon inimbento lamang
Ang mas mahalaga'y pakikipagkapwa
At ang kakayahang dumamay sa dukha

Ang pagtitiwala at ang kabutihan
Gaya ng halamang dapat alagaan
Kapag may pataba sa iyong pananim
Tiyak ang paglago at may aanihin

Ang tatay ni nanay ay walang okasyon
Siya'y nasa bukid, Pasko't Bagong Taon
At pag may lumapit na sinumang tao
Tinutulungan n'ya, kahit estranghero.

Mahusay humabi ng biglaang tula
Pamana sa akin, pagbuo ng tugma
Lumaki man akong kahit walang tatay
Pinunuan ito ng tatay ni nanay.

Kaya't ngayong ako'y isa na ring tatay
Tinipon kong lahat ang aral sa buhay
Hinuhubog ko rin itong aking anak
Sa bangis ng mundo ay magpakatatag!

## Tungkol sa May-akda:

### JOEL COSTA MALABANAN

Makata at musikerong guro. Kasalukuyan siyang full time propesor ng Filipino sa Fakulti ng mga Wika at Sining dito sa Philippine Normal University. Nagtapos siya ng kolehiyo sa Cavite State University at nakakumpleto naman ng kanyang digring Master sa Sining sa Wika at Panitikan sa Filipino sa De La Salle University, Taft Avenue. Bilang makata, nagkamit siya ng Ikatlong Karangalang Banggit sa Talaang Ginto 2010 na iginawad ng Komisyon sa Wikang Filipino at nagkamit ng unang karangalan sa DALITEXT, isang patimpalak sa paglikha ng tula gamit ang cellphone na inisponsor ng NCCA noong 2003. Nagwagi rin siya sa DIONA Kontra-Depresyon na pinamahalaan ng Foundation for Advancing Wellness and Talents (Awit) noong Nobyembre, 2012. Nagwagi rin siya sa Diona Para kay Apolinario Mabini sa Tulaan sa Facebook noong Pebrero, 2014. Naging grandprize winner siya ng DALITEXT tungkol sa climate change na inisponsor ng United Nation Information Center noong Oktubre 2014. Kasapi rin siya ng samahang Tanggol Wika na nananawagang papanatilihin ang pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Noong Agosto 23, 2014 ay matagumpay siyang nakapagkonsiyerto sa Rizal Park tampok ang 15 niyang komposisyon para sa programang Mga Himig at Tula para sa mga Bayani at sa ika-151 taong kaarawan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, 2014.